# Patakarang Pederal Upang Isulong ang Lahi, Etniko, at Tribo na Makamit ang Makatarungang Kalusugan


NATIONAL ACADEMIES Sciences Engineering Medicine

*Pangkahalatang-ideya sa Pinagkasunduang Ulat*

---

## Panimulang Kabatiran

Sa Estados Unidos, ang kakayahan na magkaroon ng mabuting kalusugan at masaganang pamumuhay ay malimit na hinuhulma ng kanilang lahi at etnisidad, Kakabit na rito ang kawalan ng istruktural na kalamangan sa paligid, at daan sa magaling na pag-aaruga sa kalusugan, edukasyon, pagkakataon sa trabaho at iba pa. Upang matamo ang makataong kalusugan, na ang lahat ay pantay, at walang makakalamang, dahil sa kanilang antas sa buhay, at iba pang sukatan ng pamumuhay.




### Mga Pangunahing Prinsipyo ng Ulat

- Ang kalusugan ay mahigit sa pangkatawan at kaisipan. Kalakip din ang sosyal, ekonomiya at iba pang kadahilanan, na kailangan sa pagunlad ng sangkatauhan.
- Lahat ng patakarang pederal ay nakakaapekto sa kalusugan ng mga naninirahan sa lugar.
- Ang katibayan ay nasa kantidad at kalidad na nangaling sa komunidad.
- Ang patakarang pederal ay dapat bigyang halaga ang kalusugan na makatarungan.
- Upang ipaunlad ang kapantayan ng kalusugan, kailangan baguhin ang ang istruktural at mga kaparaanan.

***Kapag ang tao ay umunlad, ang komunidad at buong bansa ay uunlad.***

Kailangang ituon ang patuloy na atensyon para matugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan. Ang komunidad at pambansang palatuntunin ang magsisimula, ngunit kailangan nito ang alalay ng pamahalaan o gobyerno pederal.

## Mga Hakbang

Ang National Academies ay nagtipon ng mga dalubhasa upang (1) pag-aralan ang mga patakarang pederal, na hadlang sa maayos at mabuting kahihinatnan ng kalusugan ng mga dehadong lahi at maliliit na etnisidad sa Estados Unidos at (2) tukuyin ang mga pinakaepektibo o potensyal na paraan para sa pagbabago sa patakaran na may layuning higit na isulong ang pantay na kalusugan ng lahat ng lahi at etnisidad.

Maraming patakaran ang nakakaapekto sa mabuting kalusugan. Kaya naman, tinatalakay sa limang kabanata ng ulat sa nagkakaisang pag-aaral ang mga patakaran nang nauugnay sa mas malaking konteksto ng mga panlipunang kundisyong nakakaimpluwensya sa kalusugan. Sa loob ng limang kabanata ng ulat ay mayroong mga halimbawa ng mga nauugnay na tema na nagbibigay ng kaalaman para sa mga mungkahi ng ulat.

## Mga Mungkahi

**Aksyon 1: Isagawa at Panindigan ang Koordinasyon ng Iba't Ibang Ahensiya Pederal**

Malaki ang gobyernong pederal at komplikado. Ang mga prayoridad ay madalas may hidwaan at kung minsan ay parepareho. Kailangan ang pamumuno at pagtatayo ng ahensiya upang siyang mamamahala sa gawaing ito. Kailangan litisin ang mga nakalipas at kasalukuyang patakaran. Kailangan din ang sukatan upang matulungan ang mga gumagawa ng patakaran.

**Aksyon 2: Unahin at Pahalagahan at Isama ang Boses ng Komunidad sa Trabaho ng Gobyerno**

Mahalaga na ang komunidad ay kasama sa lahat ng desisyon tungkol sa batas, regulasyon, programa at patakaran, na makakaapekto sa kanila. Kailangan pahalagahan ng pamahalaan ang nais ng komunidad.

**Aksyon 3: Seguruhin na ang Pag-iipon at Pag-ulat ng Datos ay Kinatawan at Tama**

Ang pagtipon ng mga datos ay mahalaga upang ipaunlad ang pantay na kalusugan. Ang kakulangan ng kinatawan at maling datos, at hindi pinahalagahan ang pangangailangan ng komunidad, ay lumalabas na hindi handa ang gobyerno na alisin ang hindi makatarungang pagbibigay ng aruga sa kalusugan ng madla. Kailangan gumawa ang gobyerno ng mga hakbang at gumamit ng siyensiya upang sukatin ang kapootang panlahi na umiiral sa iba ibang bahagi ng bansa.

**Aksyon 4: Pagbutihin ang Pananagutan, Pagpapatupad, Kasangkapan, at Alalay sa Gobyerno na Pinauunlad ang Pinakamainam na Kalusugan ng Lahat.**

Kahit na nagkaroon ng pag-unlad dahil ang estado at lokal na pamahalaan ay may kakayahang umangkop sa kung paano nila ipinatupad ang mga pederal na patakaran, may iba pang mga sitwasyon na yung mga pederal na patakaran ay dahan-dahang ipinatupad kaya, muli, ang mga grupong minorya sa lahi at etniko ay maaaring mawalan ng karapatan. Kailangan segurohin ng pamahalaan na pantay ang pagsasagawa ng programa pederal. Kailangan din gawin at ipatupad ang mga patakaran upang ang mga tao sa grupong minorya sa lahi at etniko ay mabigyan ng benepisyo, at dapat ding ipatupad ang mga pamantayan sa pagganap upang matiyak ang pananagutan.

## Mga Pagsasaalang-Alang Para sa Populasyon ng Katutubong Amerikano at at Mga Katutubo sa Alaska

Ang lupon ay binigyan ng sadyang pansin ang mga katutubo ng Amerika at mga katutubo ng Alaska, dahil ang kanilang karanasan ay mas malala at kakaiba kapag inihambing sa iba't ibang lahi at etniko tungkol sa sukatan ng pag-alaga sa kalusugan. Kailangan ng gobyernong pederal na itaas ang Direktor ng Indian Health Service na maging alalay ng kalihim,(Assistant Secretary) bigyan ng pondo ang Indian Health Service para pantay sa ibang programa ng kalusugan, at maitatag uli ang Indian Affairs Committee sa House of Representatives ng Kongreso.

**Basahin ang buong ulat sa <u>www.nationalacademies.org/health-equity-policies</u>.**